

Public Service Announcement

Alamin ang tungkol sa pagtakbo sa halalang munisipal ngayong taon

Dumalo sa isang Sesyon ng Impormasyon para sa mga Kandidato sa Abril 15

VAUGHAN, NOONG (Abril 1, 2026) – Ang mga halalan para sa mga pamahalaang munisipal at mga lupon ng paaralan sa Ontario ay ginaganap tuwing ikaapat na taon sa ikaapat na Lunes ng Oktubre – at ang susunod ay magaganap sa Lunes, Oktubre 26.

Ang mga interesadong tumakbo sa halalang munisipal ngayong taon para sa Lungsod ng Vaughan o Township of King ay inaanyayahang dumalo sa isang Sesyon ng Impormasyon para sa mga Kandidato sa **Miyerkules, Abril 15, 7 pm** sa Vaughan City Hall (2141 Major Mackenzie Dr.). Magsisimula ang presentasyon sa ganap na 7:15 pm.

Sa sesyon, matututunan ng mga dadalo ang higit pa tungkol sa proseso ng halalan, mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga kandidatong naghahangad na maging opisyal sa munisipyo o lupon ng paaralan, ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga kandidato at mga pinansiyal na obligasyon, at mga kinakailangan sa pag-uulat para sa Lungsod ng Vaughan at Township of King.

Panahon ng nominasyon ng kandidato

Ang panahon ng nominasyon ng kandidato para sa halalang munisipal sa 2026 ay magsisimula sa **Biyernes, Mayo 1** hanggang **Biyernes, Agosto 21, 2 pm**. Ang mga nominasyon ay dapat isumite nang personal sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod, na matatagpuan sa unang palapag ng Vaughan City Hall. Ang mga pagsusumite ay tinatanggap **sa pamamagitan ng appointment lamang** sa mga regular na oras ng negosyo, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m.

Maaaring mag-iskedyul ng mga appointment nang maaga sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Election Vaughan sa pamamagitan ng email sa elections@vaughan.ca o sa pamamagitan ng telepono sa 905-832-2281, ext. 6104, kung saan ang unang mga appointment ay magsisimula sa Biyernes, Mayo 1.

Public Service Announcement

Mapabilang sa listahan ng mga botante

Bagama't ilang buwan pa bago dumating ang araw ng halalan, hinihikayat ang mga residente na kumpirmahin na sila ay nasa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng pagbisita sa registertovoteon.ca.

Ang mga karapat-dapat na botante para sa halalang munisipal ay dapat na:

- isang mamamayan ng Canada at hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- isang residente ng munisipalidad; O
- isang hindi residente na nagmamay-ari o umuupa ng ari-arian sa munisipalidad; O
- asawa ng isang may-ari o umuupa ng ari-arian sa munisipalidad.

Para malaman ang higit pa tungkol sa proseso ng halalan, pagiging karapat-dapat bilang botante, o mga nominasyon ng kandidato, bisitahin ang vaughan.ca/elections.

Para sa mga update at balita habang nangyayari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na channel ng korporasyon sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Naitala bilang korporasyon noong 1991, kabilang sa Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Matatagpuan ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura sa gitna ng York Region at Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca